Washington State Health Care Authority

Washington State Department of Social & Health Services
Transforming lives

# Washington Apple Health
# Mga Karapatan sa Administratibong Pagdinig at Mga Deadline

**Washington Apple Health Administrative Hearing Rights and Deadlines**

May karapatan ka sa isang administratibong pagdinig kung tutol ka sa aming pasya na tumanggi, nagwakas, o nagpabago sa iyong coverage sa Washington Apple Health.

- May 90 araw ka mula sa petsa sa itaas ng paunawang ito upang humiling ng pagdinig. Kung hindi ka humiling ng pagdinig sa loob ng 90 araw, maaaring mawawalan ka ng karapatan sa isang pagdinig.
- Kung gusto mong panatilihin ang iyong coverage sa panahon ng proseso ng pagdinig, tingnan ang **patuloy na coverage sa panahon ng proseso ng administratibong pagdinig** sa ibaba.
- Maaari mong repasuhin ang mga tuntunin sa pagdinig sa Washington Administrative Code (WAC), kabanata 182-526.
- Maaaring wala kang karapatan sa isang pagdinig kung ang iyong coverage ay tinanggihan, winakasan, o binago dahil nagbabago ang mga batas ng estado at pederal at awtomatikong nakakaapekto sa lahat ng tao na naka-enrol sa programa sa parehong paraan (RCW 74.09.741(3)).

Kung ikaw ay may mababang kita, maaaring makatutulong sa iyo ang Coordinated Legal Education Advice and Referral (CLEAR) na makahanap ng libreng tulong kaugnay ng batas. Maaari kang mag-aplay sa http://nwjustice.org/clear-online, o:

- Kung wala pang 60 taong gulang, tawagan ang CLEAR sa 1-888-201-1014.
- Kung 60 taong gulang o higit pa, tumawag sa CLEAR Senior sa 1-888-387-7111.

## Patuloy na kasaklawan sa panahon ng proseso ng administratibong pagdinig

- Maaari mong mapapanatili ang iyong coverage sa panahon ng proseso ng pagdinig kung sinasabi ng paunawa sa iyo na wawakasan o babaguhin namin ang iyong coverage sa Washington Apple Health, O nagsasabi ito na tatapusin, sususpindihin o babawasan namin ang iyong nakaraang awtorisadong mga serbisyo.
- Upang mapanatili ang iyong coverage, kailangan mong humiling ng isang pagdinig bago ang petsa na ang iyong coverage o serbisyo ay nakatakdang magwakas O sa loob ng 10 araw mula sa petsa nang matanggap mo ang paunawang ito. Itinuturing namin na natanggap ang paunawa 5 araw pagkatapos ng petsa sa paunawa, maliban kung maipapakita mo sa amin na hindi mo ito natanggap sa loob ng 5-araw na yugto.
- Kung matatanggap mo ang patuloy na coverage o mga serbisyo at matatalo sa pagdinig, maaaring kailangan mong bayaran ang hanggang 60 araw ng patuloy na coverage o mga serbisyo.
- Hindi mo matatanggap ang kasaklawan habang naghihintay para sa pagdinig upang tutulan ang pagtanggi sa iyong aplikasyon sa Washington Apple Health.

## Paghiling ng administratibong pagdinig

Upang humiling ng isang administratibong pagdinig, o kung kailangan mo ang isang interpreter o iba pang tulong upang humiling ng isang pagdinig, gawin ang isa sa sumusunod:

- Tumawag sa 1-877-501-2233 o sa inyong lokal na tanggapan ng Home and Community Service (HCS).
- Tumawag sa 1-855-873-0642 o sa inyong lokal na tanggapan ng Developmental Disabilities Administration (DDA).
- Sumulat o sagutan ang form ng Paghiling ng Administratibong Pagdinig na HCA 12-507 (na makukuha sa http://www.hca.wa.gov/medicaid/forms) at
  - I-fax sa 1-888-338-7410; O
  - Ipadala sa:

    CSD Customer Service Center
    PO Box 11699
    Tacoma, WA 98411-6699

Rerepasuhin namin ang iyong kaso at susubukang kokontakin ka upang malutas ang problema bago ang pagdinig.